Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

MEMORANDUM

PARA SA: **Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan**
Mga Punong Superbisor
Mga Superbisor sa Programang Edukasyon
Mga Puno ng Paaralang Elementarya at Sekundarya

MULA KAY: **DANILO E. DESPI**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

PAKSA: **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG KASAYSAYAN 2022**

PETSA: 15 Agosto 2022

1. Alinsunod sa bisa ng Proklamasyon Blg. 339, s. 2012, itinatalaga ang buong buwan ng Agosto bilang Buwan ng Kasaysayan. Ang pagdiriwang ay pinangungunahan ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas na may temang: "Kasaysayan Kamalayan, Kaunlaran". Kaugnay nito, hinihikayat ang tanggapang dibisyon at mga paaralan na magsagawa ng mga gawaing gumugunita sa mayamang kasaysayang ng Pilipinas.

2. Ang sumusunod na mga mungkahing gawain ay maaaring isagawa hanggang sa huling araw ng Agosto 2022:

a. pagsabit ng Buwan ng Kasaysayan 2022 streamer;
b. pag-anunsyo ng kahalagahan ng pagdiriwang ng Buwang ng Kasaysayan, kasabay ng seremonya ng pagtataas ng bandila sa mga tanggapan at paaralan;
c. pag-display sa bulletin board ng mahahalagang kaganapan sa kasaysayan ng Pilipinas;
d. pagbabahagi ng mga naisulat na sanaysay o tula o iba pang malikhaing gawa na nagbibigay-pugay sa lahat ng pambansang bayani o lahat na bayani; at
e. iba pang makabuluhang gawaing kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan.

3. Hinihikayat ang mga paaralan sa pangunguna ng punong guro at mga guro sa Araling Panlipunan, na magbahagi ng mga larawan sa Facebook ng isinagawang gawain sa Buwan ng Kasaysayan. Ang preparasyon ng gawain ay dapat umaayon sa mga probisyong itinatakda sa DepEd Order No. 34, s. 2022, School Calendar and Activities for School Year 2022-2023.

4. Para sa inyong kaalaman, patnubay at kaukulang aksiyon.

Address: ***San Nicolas, Iriga City***
Tel. No.: ***(054) 299-2506***
E-mail Address: ***iriga.city@deped.gov.ph***